2022, Enero

Magulang/Tagapag-alaga

Lungsod ng Kani, Lupon ng Edukasyon

# Hakbang sa Pag-iwas ng Impeksyon tuwing mga Aktibidad sa Paaralan

今後の学校の活動について

Dahil nag-anunsyo ang Gifu Prefecture Novel Coronavirus Infection Prevention Committee ng "6th - Wave State of Emergency" noong Enero 17 (Lunes), ipapatupad ng paaralan ang mga hakbang sa pag-iwas ng impeksyon tulad ng mga sumusunod.

**〇Mga hakbang sa buong lalawigan ng Gifu**

・Ikakansela o ipagpapaliban ang mga aktibidad na may high infection risk (pagsasanay ng chorus atbp.).

・ikakansela o ipagpapaliban ang mga aktibidad sa labas ng paaralan (school trip, atbp.).

・Club activities

- ・Limitahan sa (2 oras kada araw) 4 na araw sa isang lingo.
- ・Club sa katapusan ng lingo ay para lamang sa mga sasali ng championship at lilimitahan sa 1 araw alinman sa Sabado o Linggo hanggang 3 oras lamang.
- ・Ikakansela ang mga practice match.
- ・Isasagawa ang club sa pasilidad ng paaralan (maliban sa official game/championship)

※Ang mga item sa itaas ay naaayon din sa club ng mga magulang.

**〇Mga hakbang sa bahay**

・Huwag papasukin ang bata at manatili sa bahay kung naaayon sa mga sumusunod ang mag-aaral o miyembro ng pamilya

1. May lagnat/may sintomas (ubo, sipon) - maaari ng pumasok ang mga kapatid mula sa araw pagkatapos lumipas ang sintomas ng bata. Ngunit, ang bata ay kailangan manatili sa bahay (2～3 araw pagkatapos mawala ang sintomas o kung ano ang payo ng doktor. (suspinde ang attendance)
2. Naging close-contact」
3. PCR test – sa kasong nagpa-PCR test ang bata o miyembro ng pamilya (hindi alintana ang naging "close-contact"). Kailangan manatili sa bahay ang bata kahit hindi itinakda ng Health/sanitation Center.

【Maagang uwian/kumunsulta】

・Kung nilagnat o nagkaroon ng sintomas na inilarawan sa health check card habang nasa paaralan

① Pauuwiin ang bata

② Pauuwiin din ang mga kapatid ng bata (isinasa-alang bilang pagsuspide ng attendance). Kung may kapatid na nag-aaral sa ibang paaralan tulad ng elementarya o sekondarya sa loob ng distrito, kinakailangan ang magulang ang tumawag sa paaralan para sunduin.

③ Sunduin ang bata (pati mga kapatid) at makipag-ugnayan sa ospital/clinic at magpatingin sa doktor.

【Siguraduhing makipag-ugnayan】

① Sa paaralan – nagpa-PCR test o ibang test para sa Coronavirus ang bata o miyembro ng pamilya (tumawag sa paaralan positibo man o negatibo).

② City hall - Kung hindi matawagan ang paaralan.